



COVID-19 Child Care Stabilization Grant
Funding Opportunity Round Two
January 3-23, 2022



PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT KAHUSAYAN

DEPARTAMENTO NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND

Mohammed Choudhury

Superintendiyente ng mga Paaralan ng Estado
Kalihim-Ingat Yaman, Lupon ng Edukasyon ng
Estado ng Maryland

Deann M. Collins, Ed.D.

Diputadong Superintendiyente,
Pagtuturo at Pagkatuto

Steven Hicks

Katuwang na Superintendiyente, Sangay
ng Kamusmusan

Larry Hogan

Gobernador

LUPON NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND

Clarence C. Crawford

Presidente, Lupon ng Edukasyon
ng Estado ng Maryland

Charles R. Dashiell, Jr., Esq. (Bise Presidente)

Shawn D. Bartley, Esq.

Gail Bates

Chuen-Chin Bianca Chang

Susan J. Getty, Ed.D.

Vermelle Greene, Ph.D. Jean

C. Halle

Dr. Joan Mele-McCarthy

Rachel L. McCusker

Lori Morrow

Brigadier General Warner I. Sumpter (Ret.)

Holly C. Wilcox, Ph.D.

Kevin Bokoum (Miyembrong Estudyante)

Talaan ng mga Nilalaman

| | |
|---|----|
| Ano ang Programang Pondo sa Pagpapatatag sa Pangangalaga ng Bata? | 3 |
| Ano ang naiiba sa pangalawang round ng pagpapatatag? | 3 |
| Sino ang kwalipikado?..... | 4 |
| Magkano ang mga bayad ng grant?..... | 5 |
| Ano ang ilang mga halimbawa ng mga halaga ng grant award? | 7 |
| Paano ako mag-a-aplay para sa bayad ng grant? | 8 |
| Anong mga dokumento at impormasyon ang kailangan ko para makumpleto ang aplikasyon? | 8 |
| Ano ang palatakdaan ng panahon ng grant? | 8 |
| Ano ang mangyayari matapos kong isumite ang aking aplikasyon? | 9 |
| Ano ang proseso ng bayad? | 10 |
| Saan ko puwedeng gastusin ang mga pondo? | 11 |
| Kailangan ko bang itabi ang mga resibo? | 12 |
| May mga tanong? | 13 |
| Paano kung kailangan ko ng tulong sa aplikasyon? | 13 |
| Mga FAQ tungkol sa Grant..... | 14 |
| Appendix:..... | 15 |
| Template ng Aplikasyon sa Grant..... | 16 |
| Form ng Direct Deposit | 24 |
| W-9 Form..... | 26 |

Ano ang Programang Pondo sa Pagpapatatag sa Pangangalaga ng Bata??

Naglabas ang Administrasyong Biden ng \$39 bilyon na pondo ng Planong Pagsagip sa Amerika (American Rescue Plan, ARP) sa mga estado, teritoryo, at tribu upang tugunan ang krisis sa pangangalaga ng bata na dulot ng COVID-19. Makakatulong ang mga pondong ito para manatiling bukas ang mga provider ng pangangalaga ng bata at tagapagturo ng mga batang musmos. Ang mga provider na ito ay nasa frontline na at nangangalaga ng mga anak ng mga essential worker at sinusuportahan ang mga magulang na gustong makabalik sa trabaho. Upang alamin ang higit pa tungkol sa programa ng pondo, mag-click dito.

Binubuo ng oportunidad sa pondo na ito ang pangalawang round ng Programang Grant para sa Pagpapatatag sa Pangangalaga ng Bata sa Maryland. Ang Sangay ng Early Childhood (Kamasmusan) sa loob ng Departamento ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education, MSDE) ay ipinagkakaloob ang oportunidad sa pondo na ito upang tugunan ang mga kahirapang kinakaharap ng mga provider ng pangangalaga ng bata at tugunan ang kawalang-katatagan ng merkado ng pangangalaga ng bata sa kabuuan. Ang mga pondong ito ay mahalagang hakbang upang bigyang-daan ang matibay na pagbangon ng kabuhayan at ng mas makatarungang kinabukasan.

Sa panahon ng taglagas ng 2021, naglabas ang Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (MSDE) ng \$158 milyon na pondo sa pagpapatatag sa mahigit sa 5,000 provider ng pangangalaga ng bata sa buong estado (unang round ng programa). Ilalabas na ngayon ng MSDE ang nalalabing \$128 milyon sa mga provider nito ng pangangalaga ng bata.

Ano ang naiiba sa pangalawang round ng pagpapatatag?

May tatlong pangunahing pagkakaiba sa pagitan nitong bagong round ng pondo at ng naunang round ng MSDE:

PROSESO

Narinig ng MSDE ang feedback mula sa mga provider at komunidad ng provider na nauugnay sa mga tanong at hamon sa proseso. Umaasa ang MSDE na sa pinadaling proseso ng aplikasyon at karagdagang suporta sa kostumer magiging mas madaling makuha at mas accessible ang pondo para sa lahat ng halos 7,200 na provider sa estado.

MGA HALAGA NG PONDO/MGA PORMULA NG PONDO

Ang round ng pondo na ito ay may mas kaunting kabuuang pera na magagamit (\$128 milyon kumpara sa \$158 milyon) at may ibang base allocation kaysa sa unang round (\$10,000 kumpara sa \$15,000). Bilang dagdag, nagbibigay ang round ng grant na ito ng suplementong mga dolyar na lampas sa base allocation kada lisensiyadong slot ng pangangalaga ng bata. Mag-iiba ang halaga ng kada slot para sa bawat provider depende sa kung ang provider ay lisensiyado na magtala ng mga sanggol, lisensiyadong magtala ng mga batang musmos, nagtatala ng mga bata na nakikilahok sa Programang Scholarship sa Pangangalaga ng Bata, ay bahagi ng programang Maryland EXCELS, at/o nasa census tract na may social vulnerability index na 0.6 o mas mataas (tingnan ang seksyon ng pormula ng pondo para sa higit pang mga detalye) at magmumula \$0 hanggang \$630 kada lisensiyadong slot ng pangangalaga ng bata.

PAGIGING KWALIPIKADO

Ang unang programa sa pagpapatatag ay bukas lamang sa mga provider na lisensiyado noong o bago Marso 11, 2021. Ang round ng pondo na ito ay bukas din sa mga provider na lisensiyado ng MSDE makalipas ang Marso 11, 2021.

Sino ang kwalipikado?

Ang oportunidad sa pondo na ito ay dinisenyo upang mapatatag ang mga kasalukuyang programa sa pangangalaga ng bata, hindi upang pondohan ang pagsisimula ng mga bagong programa sa pangangalaga ng bata na hindi pa nakabukas. Ang mga aplikante ay maaaring isang provider na tahanan ng pamilya para sa pangangalaga ng bata, isang provider na tahanan ng malaking pamilya para sa pangangalaga ng bata, isang sentro ng pangangalaga ng bata, o isang programang pang-edukasyon sa ilalim ng Sulat ng Pagsunod. Upang maging kwalipikado para sa bayad na grant sa ilalim ng oportunidad sa pondo na ito, dapat matugunan ng mga aplikante ang isang pamantayan mula sa bawat hanay sa ibaba:

| Lisensiya / Regulasyon | Katayuan |
|---|--|
| <p>Nilisensiyahan ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ang aking programa noong o bago Marso 11, 2021</p> <p>○</p> <p>Nilisensiyahan ng Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Maryland (Maryland State Department of Education) ang aking programa makalipas ang Marso 11, 2021</p> | <p>Nakahanda ang aking programa na magkaloob ng mga serbisyong pangangalaga ng bata sa petsa ng aplikasyon.</p> <p>○</p> <p>Ang aking programa ay pansamantalang nakasara dahil sa problemang pinansiyal o mga dahilang may kaugnayan sa COVID-19, ngunit magbubukas para magkaloob ng mga serbisyong pangangalaga ng bata sa Marso 7, 2022.</p> |

Bilang dagdag:

- Ang mga aplikante na nakatanggap ng pondo sa unang round ng pondo ay kwalipikadong makatanggap muli ng pondo sa pangalawang round.
- Ang mga aplikante na nagmamay-ari o nangangasiwa ng higit sa isang lokasyon ng pangangalaga ng bata ay dapat magsumite ng hiwalay na mga aplikasyon para sa bawat lugar.

Magkano ang mga bayad ng grant?

Ang lahat ng kwalipikadong provider ay makakatanggap ng base award sa halagang \$10,000. Ibibigay ang mga karagdagang pondo para sa mga kwalipikadong provider na nakatutugon sa mga sumusunod na pamantayan :

| | |
|--|--|
| Mga sanggol (6 na linggo hanggang 12 buwan) | isang karagdagang \$126.00 kada lisensiyadong slot sa pangangalaga ng bata para sa mga provider na naglilingkod sa mga sanggol |
| Mga batang musmos (13 buwan hanggang 23 buwan) | isang karagdagang \$126.00 kada lisensiyadong slot sa pangangalaga ng bata para sa mga provider na naglilingkod sa mga batang musmos |
| Scholarship sa Pangangalaga ng Bata*** | isang karagdagang \$126.00 kada lisensiyadong slot sa pangangalaga ng bata para sa mga provider na nagtatala ng mga bata na nakikilahok sa programang Scholarship sa Pangangalaga ng Bata |
| Maryland EXCELS | isang karagdagang \$126.00 kada lisensiyadong slot sa pangangalaga ng bata para sa lahat ng kwalipikadong provider na nakikilahok sa programang Maryland EXCELS na may rating na 1-5 |
| Social vulnerability | isang karagdagang \$126.00 kada lisensiyadong slot sa pangangalaga ng bata para sa lahat ng kwalipikadong provider na nasa isang census tract na may Indise ng Kahinaang Panlipunan (Social Vulnerability Index) na mas mataas sa .6 |

**Ang balanse ng anumang hindi nagastos na pondo na ginawang available mula sa mga provider na hindi humihingi ng grant award ay ipamamahagi sa lahat ng provider na pinagkalooban ng grant nang pantay-pantay, kada lisensiyadong slot.*

***Gagamitin ng MSDE ang bilang ng mga lisensiyadong slot ng pangangalaga ng bata na nasa talaan sa Departamento hanggang noong Disyembre 15, 2021 para kalkulihin ang mga halaga ng pondo ng programa.*

****Para sa layunin ng grant award, ipinapasya ng MSDE ang pagiging kwalipikado batay sa kung na-invoice na ng programa o hindi ang MSDE para sa bayad sa pagitan ng Hunyo 2021 at Disyembre 15, 2021.*

Ang Programang Scholarship sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Scholarship (CSS) Program) (dating kilala bilang Subsidya sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Subsidy)) ay nagbibigay ng tulong pinansiyal, sa mga gastos sa pangangalaga ng bata sa mga kwalipikadong nagtatrabahong pamilya sa Maryland. Mag-click [dito](#) para sa higit pang impormasyon tungkol sa programang CSS.

Ang programang Maryland EXCELS ay isang rating ng kalidad at sistema ng pagpapahusay na nagbibigay ng mga rating mula 1 hanggang 5 sa mga programa sa pangangalaga ng bata at edukasyon ng mga batang musmos batay sa pambansang kinikilalang mga pamantayan at pinakamabubuting gawain.

Mag-click [dito](#) para sa higit pang impormasyon tungkol sa Maryland EXCELS.

Ayon sa Mga Sentro ng Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control, CDC) ang "Social vulnerability ay tumutukoy sa posibleng negatibong mga epekto sa mga komunidad na dulot ng panlabas na stress sa kalusugan ng tao ¹. Sinusubaybayan ng Social Vulnerability Index (SVI) ang datos ayon sa census tract at nire-rate ang vulnerability batay sa 15 pangunahing panlipunan at pandemograpikong tagapagpahiwatig. Ang "Census tracts" ay mga subdivisyon ng mga county at naka-rank sa 15 salik panlipunan kabilang ang kahirapan, kakulangan ng access sa sasakyan, at masikip na tirahan. Partikular, ginagamit ng panukat na ito ang (tingnan ang Larawan 1, sa ibaba):

¹ <https://www.atsdr.cdc.gov/placeandhealth/svi/index.html>

SOCIAL VULNERABILITY



Pinagmulan (nakuha 12/23/21):

https://www.atsdr.cdc.gov/placeandhealth/svi/documentation/SVI_documentation_2018.html

Maaari ring bisitahin ng mga provider ang link na ito [dito](#) para sa higit pang impormasyon at dokumentasyon tungkol sa Social Vulnerability Index.

Ano ang ilang mga halimbawa ng mga halaga ng grant award?

EKSENA 1

Isang provider ng pangangalaga ng bata na may 50 lisensiyadong slot ay magtatala ng mga sanggol at batang musmos, ngunit hindi natutugunan ang anumang karagdagang pamantayan ng pondo:

$$\text{Base Grant} = \$10,000$$

$$\text{Halaga ng Kada-Lisensiyadong Slot} = \$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng Sanggol)} + \$126$$

$$\text{(Natugunan ang Pamantayan ng Batang Musmos)} = \$252 \text{ Kabuuang Suplementong Dolyar} = \$252 *$$

$$50 \text{ lisensiyadong slot} = \$12,600$$

$$\text{Kabuuang Grant} = \$10,000 + \$12,600 = \$22,600$$

EKSENA 2

Isang provider ng pangangalaga ng bata na may 50 lisensiyadong slot na hindi nakatutugon sa alinman sa suplementong pamantayan ng pondo:

$$\text{Base Grant} = \$10,000$$

$$\text{Halaga ng Kada-Lisensiyadong Slot} = \$0$$

$$\text{Kabuuang Suplementong Dolyar} = \$0 * 50 \text{ lisensiyadong slot} =$$

$$\$0 \text{ Kabuuang Grant} = \$10,000 + \$0 = \$10,000$$

EKSENA 3

Isang provider ng pangangalaga ng bata na may 50 lisensiyadong slot ang nagtatala ng mga sanggol at batang musmos, nagtatala ng mga bata na nakikilahok sa programang Scholarship sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Scholarship, CCS), nakikilahok sa programang EXCELS, at makikita sa isang lugar na may social vulnerability index (SVI) na .8:

$$\text{Base Grant} = \$10,000$$

$$\text{Halaga ng Kada-Lisensiyadong Slot} = \$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng Sanggol)} + \$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng Batang Musmos)} +$$

$$\$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng CCS)} + \$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng EXCELS)}$$

+

$$\$126 \text{ (Natugunan ang Pamantayan ng SVI)} = \$630$$

$$\text{Kabuuang Suplementong Dolyar} = \$630 * 50 \text{ lisensiyadong slot} =$$

$$\$31,500 \text{ Kabuuang Grant} = \$10,000 + \$31,500 = \$41,500$$

Paano ako mag-a-aplay para sa bayad ng grant?

Ang oportunidad sa pondo na ito, kabilang ang lahat ng kalakip at update, ay makikita [sa website ng Sangay ng Early Childhood](#). **Tumatanggap lamang ang MSDE ng mga online na aplikasyon sa pamamagitan ng link. Mangyaring huwag magpadala ng mga na-scan na kopya, fax, o nakasulat/naka-print na mga aplikasyon.** Ang mga aplikasyon na isinumite online sa pamamagitan ng survey link lamang ang isasaalang-alang. Kasama ang isang PDF na kopya ng aplikasyon sa bandang huli ng gabay na ito upang makapagsimula ang mga provider ng pangangalaga ng bata sa paghahanda nang maaga sa kanilang isusumite. Ang mga provider na walang access sa computer ay maaari ring magsumite ng kanilang aplikasyon sa pamamagitan ng weblink sa kanilang mobile device.

Anong mga dokumento at impormasyon ang kailangan ko para makumpleto ang aplikasyon?

Bago simulan ang online na aplikasyon, dapat tipunin ng mga provider ang sumusunod na dokumentasyon:

- Ang numero ng iyong Provider ID (6 na digit na numerong makikita sa iyong ulat ng inspeksyon)
- Isang digital na kopya ng iyong lisensiya o sertipiko ng rehistro; o sulat ng pagsunod
- Ang numero ng iyong lisensiya o rehistro (makikita sa iyong lisensiya o sertipiko ng rehistro)
- Isang na-update na W-9 form (mag-download ng kopya [rito](#))
- Isang form ng direct deposit, kung gusto mong matanggap ang iyong bayad sa pamamagitan ng Direct Deposit (mag-download ng kopya [rito](#))

Ano ang palatakdaan ng panahon ng grant?

Ang oportunidad sa pondo na ito, kabilang ang lahat ng kalakip at update, ay makikita [sa website ng Sangay ng Early Childhood](#). Upang mag-a-aplay para sa bayad ng grant, dapat kumpletuhin ng mga provider ang online na aplikasyon [dito](#). Kasama ang isang PDF na kopya ng aplikasyon sa bandang huli ng gabay na ito upang maihanda nang maaga ng mga provider ng pangangalaga ng bata ang kanilang isusumite.

| Petsa | Milestone ng Programa |
|----------------|---|
| Enero 3, 2022 | Magbubukas ang panahon ng aplikasyon para sa grant at maaaring isumite ng mga provider ang kanilang aplikasyon online sa pamamagitan ng form ng pagsusumite sa web. |
| Enero 4, 2022 | Sisimulan ng MSDE ang magkasabay na mga sesyon ng suporta ng serbisyo sa kostumer habang nakabukas ang panahon ng grant. |
| Enero 10, 2022 | Sisimulan ng MSDE ang pagproseso sa mga aplikasyon para sa grant at pag-abiso sa mga provider tungkol sa award o hindi kumpleto/hindi kwalipikadong mga aplikasyon. |

| | |
|-----------------|--|
| Enero 22, 2022 | Idaraos ng MSDE ang huli nitong sesyon ng suporta sa serbisyo sa kostumer. |
| Enero 23, 2022 | Magsasara ang panahon ng aplikasyon para sa grant sa katapusan ng araw sa Linggo, Enero 23, 2022 |
| Pebrero 4, 2022 | Lahat ng aplikasyon ay susuriin para sa pagkakumpleto at pagiging kwalipikado. Aabisuhan ng MSDE ang mga aplikante tungkol sa mga hindi kumpletong aplikasyon at/o pagkakamali sa mga aplikasyon pagdating ng petsang ito. |

Ano ang mangyayari matapos kong isumite ang aking aplikasyon?

Sisimulan ng MSDE na iproseso ang mga aplikasyon para sa grant sa rolling basis. Sa sandaling maisumite ang isang aplikasyon, susuriin ng MSDE ang aplikasyon para kumpirmahin ang pagiging kwalipikado at itutugma ang provider sa kani-kanilang halaga ng award (ang mga halaga ng award ay ipinapasya ayon sa pormula na inilalarawan sa sangguniang ito at sa aplikasyon para sa grant).

Kung kumpleto ang aplikasyon at kwalipikado ang provider aabisuhan ng MSDE ang provider tungkol sa award at sa halaga ng award. Kung hindi kumpleto ang aplikasyon o itatala ng MSDE ang isang provider bilang hindi kwalipikado, aabisuhan ng MSDE ang provider (nang hindi lalampas sa Pebrero 4, 2022) at bibigyan ang provider ng isang linggo (7 araw sa kalendaryo) para lutasin ang anumang natukoy na isyu.

Dahil sa rolling basis na pagsusuri sa aplikasyon para sa grant, inaasahan ng MSDE na makukumpleto nito ang pagproseso ng mga grant nang kasing aga ng simula ng Pebrero. Kukumpletuhin ng MSDE ang pagproseso ng lahat ng award hanggang Marso 4, 2022. Nangangahulugan ito: na naisumite na ng MSDE ang lahat ng award sa Comptroller para sa pagbibigay ng bayad sa o hanggang sa petsang ito. **Pagkatapos ipadala ng MSDE ang impormasyon ng bayad sa Comptroller para sa pagproseso, makakaasa ang mga provider na matatanggap nila ang mga pondo mula sa estado sa 3-4 na araw ng trabaho para sa pagbabayad ng ACH (direct deposit) o sa loob ng 30 araw para sa mga tseke na ipinadadala sa pamamagitan ng regular na sulat sa koreo.** Pakitandaan na ang mga pagkaantala sa koreo ay maaaring magresulta sa mas matagal na panahon sa pagitan ng pagproseso at pagtanggap ng tseke.

EKSENA 1:

Isusumite ng provider ang kanilang aplikasyon sa Enero 23, ang huling araw ng panahon ng aplikasyon, ngunit hindi ito kumpleto – aksidenteng inilakip ng provider ang maling file noong sinusubukang mag-load ng digital na kopya ng kanilang lisensiya. Susuriin ng MSDE ang aplikasyon at dokumentasyon at sasagot sa Pebrero 4, hinihingi na maibigay ang tamang impormasyon sa loob ng 7 araw sa kalendaryo. Sa Pebrero 11, ipadadala ng provider ang na-update na file. Susuriin ng MSDE ang karagdagang impormasyon hanggang Pebrero 18. At sisimulan naman ng MSDE ang mga panloob na proseso nito ng accounting at kukumpletuhin ang accounting sa Marso 3. Ipadadala ng MSDE ang impormasyon ng bayad sa Comptroller para iproseso sa Marso 4. Pinili ng provider na tanggapin ang mga pondo bilang direct deposit, na ipoproseso at darating ang mga pondo sa account sa bangko ng provider mga **3-4 na araw ng trabaho makalipas ang Marso 4, 2022.**

EKSENA 2:

Isusumite ng provider ang kanilang aplikasyon sa Enero 4 – kumpleto ang aplikasyon at tama ang lahat ng dokumento. Susuriin ng MDSE ang aplikasyon at aabisuhan ang provider tungkol sa award sa Enero 15. Sisimulan naman ng MSDE ang panloob na mga proseso nito ng accounting at makukumpleto ang accounting nito sa unang bahagi ng Pebrero. Ipadadala ng MSDE ang impormasyon ng bayad sa Comptroller na siyang mag-iisyu ng tseke sa provider at ipadadala ang tseke sa pamamagitan ng USPS. Darating ang tseke sa address ng provider makalipas ang **ilang linggo** (depende sa mga panahon ng paghahatid ng USPS).

Ano ang proseso ng pagbabayad?

Ilalabas ang mga pondo ng grant sa isang pagbabayad sa rolling basis. Maaaring ilahad ng mga provider kung paano nila gustong matanggap ang mga bayad (direct deposit o tseke sa pamamagitan ng USPS) sa katapusan ng aplikasyon para sa grant.

Direct Deposit

Kung pinagkalooban ka ng bayad ng grant sa unang round, nasa parehong address ka pa rin, nakabukas ka sa ilalim ng parehong lisensiya, at natanggap mo ang iyong bayad ng grant sa unang round sa pamamagitan ng direct deposit kung gayon, hawak na ng MSDE ang iyong impormasyon para sa direct deposit. Kung hindi, at gusto mong matanggap ang bayad ng grant sa iyo sa pamamagitan ng direct deposit, dapat mong kumpletuhin ang isang [Direct Deposit form](#) at ipadala ito sa pamamagitan ng sulat sa koreo o fax sa opisina ng Comptroller, na nagpapasimula ng proseso ng pagpapatunay sa pagkakakilanlan. Mangyaring maghintay ng 14 na araw magmula sa petsa ng pagpapatunay para maproseso ng opisina ng Comptroller/Treasurer ang iyong kahilingan.

Tseke sa pamamagitan ng USPS

Kung pipiliin mong maipadala ang bayad bilang tseke sa pamamagitan ng USPS, ipadadala sa koreo ang tseke sa pisikal na address na ibinigay sa aplikasyon. Ang mga tseke na ipinadadala sa pamamagitan ng USPS ay mas mahuhuling makakarating kaysa sa mga bayad na ipinadadala sa pamamagitan ng direct deposit. Hindi maibibigay ng MSDE ang impormasyon ng tracking at delivery para sa mga bayad na ipinadadala sa pamamagitan ng USPS.

Saan ko puwedeng gastusin ang mga pondo?

| Kategorya | Paglalarawan |
|--|--|
| Mga gastos sa tauhan | <p>Kasama ang mga sahod at benepisyo para sa mga tauhan ng programa sa pangangalaga ng bata; mga pagtaas sa suweldo para sa sinumang tauhan sa isang sentro ng pangangalaga ng bata o mga provider na pamilya para sa pangangalaga ng bata at ang kanilang mga empleyado; insurance sa kalusugan, dental, at paningin; mga scholarship; may-bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit o para sa pamilya; mga kontribusyon para sa pagreretiro; nagpapatuloy na pagpapaulad o pagsasanay pampropesional; premium o hazard pay; mga bonus ng mga tauhan; mga gastos sa transportasyon ng empleyado patungo o magmula sa trabaho; mga kaparaanan para suportahan ang pag-access ng mga tauhan sa mga bakuna sa COVID-19, kabilang ang may-bayad na bakasyon para sa mga appointment sa pagpapabakuna at para pangasiwaan ang mga side effect, at mga gastos sa transportasyon patungo sa mga appointment sa pagpapabakuna</p> |
| Renta/Mortgage, utilities, pasilidad, pagmementena, at insurance | <p>Mga bayarin sa pagkaantala o singil na nauugnay sa atrasadong bayad; mga pagpapaganda sa pasilidad kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, gusali o pagpapaganda ng mga palaruan, pag-renovate ng mga banyo, paglalagay ng barandilya, mga rampa, o mga awtomatikong pinto para mas madaling mapuntahan ang pasilidad, pagtatanggal ng mga pader na walang pinapasang mabigat upang magkaroon ng karagdagang espasyo para sa social distancing; pagmementena at mga maliliit na pag-renovate upang tugunan ang mga alalahanin kaugnay ng COVID-19; mga pagsasaayos para maging inklusibo at accessible ang mga programa sa pangangalaga ng bata para sa mga bata na may mga kapansanan at hinihikayat ang mga miyembro pamilya na may mga kapansanan; tingnan ang mga regulasyon sa paglilisensiya upang tiyakin ang pagsunod</p> |
| Personal na pamprotektang kagamitan, paglilinis, at iba pang pangkalusugan at pangkaligtasan na gawain | <p>Mga gastos na partikular sa pagtugon sa COVID-19 na emerhensiya sa kalusugan ng publiko at maaaring kasama ang kagamitan, mga suplay, serbisyo, at pagsasanay na sumusuporta sa pagtugon sa mga alituntunin ng estado at lokal sa kalusugan at kaligtasan (kabilang ang mga nauugnay sa paghadlang at pagkontrol sa sakit na impeksyon, paghadlang sa sudden infant death syndrome at paggamit ng mga ligtas na gawi sa pagtulog, pagbibigay ng gamot (naaayon sa mga pamantayan para sa pahintulot ng magulang), paghadlang at pagtugon sa mga emerhensiya dahil sa mga reaksyon sa pagkain at allergy, kaligtasan ng gusali at mga pisikal na bakuran, paghadlang sa shaken baby syndrome at trauma sa ulo dahil sa pang-aabuso at pagmamaltrato ng bata, pagpapalano ng tugon para sa mga emerhensiya mula sa isang likas na sakuna isang pangyayaring gawa ng tao, pangangasiwa at pag-imbak ng mga mapanganib na materyal at ang tamang pagtatapon ng mga biocontaminant, tamang mga pag-iingat sa pagbibiyaheng mga bata, pambatang paunang-lunas at CPR, at pagkilala at pag-uulat ng pang-aabuso at pagpapabaya ng bata</p> |

| | |
|--|---|
| Kagamitan at mga Suplay | Mga pagbili ng o pag-update sa kagamitan at mga suplay upang tugunan ang COVID-19 na emerhensiya sa kalusugan ng publiko. Hangga't ang kagamitan at mga suplay ay bilang pagtugon sa COVID-19 na emerhensiya sa kalusugan ng publiko, maaaring kasama sa mga ito ang panloob at panlabas na kagamitan at mga suplay na nagpapadali sa mga gawing pang-negosyo na naaayon sa mga protokol sa kaligtasan at gawaing naaangkop sa pag-develop, pati na rin ang mga bagay pang-negosyo na kinakailangan upang tugunan ang mga bagong hamon, gaya ng mga software na pang-negosyo at mga pag-upgrade. |
| Mga kalakal at serbisyo | Kasama ang anumang materyal na kalakal o serbisyo na kinakailangan para sa pangangasiwa ng programa sa pangangalaga ng bata; ang mga halimbawa ng mga kalakal ay pagkain at kagamitan at mga materyal upang padaliin ang paglalaro, pagkatuto, pagkain, paglalagay ng diaper at paggamit ng banyo, o ligtas na pagtulog; ang mga halimbawa ng mga serbisyo ay mga pagsasanay sa automation ng negosyo at mga pansuportang serbisyo, mga pinagsasaluhang serbisyo, mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga ng bata, mga serbisyo sa pagkain, at transportasyon; kasama rin ang mga bayarin na nauugnay sa paglilisensiya at mga gastos na nauugnay sa pagtugon sa mga kinakailangan sa paglilisensiya |
| Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip | Upang suportahan ang kalusugan ng pag-iisip ng mga bata at mga empleyado; halimbawa, konsultasyon sa kalusugan ng pag-iisip ng sanggol at batang musmos (infant and early childhood mental health consultation, IECMHC), isang batay-sa-ebidensya, batay-sa-paghadlang na diskarte na pinagsasama ang mga propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip at ang mga tao na nakikipagtrabaho sa mga batang paslit at kanilang mga pamilya upang pahasayin ang kanilang kalusugan at pag-unlad na sosyal, emosyonal, at sa pag-uugali sa mga sitwasyon kung saan natututo at lumalaki ang mga bata; ang kapakanan ng mga tagapag-alaga ay mahalaga rin upang mapatatag ang sektor ng pangangalaga ng bata dahil ang kalusugan ng pag-iisip at kapakanan ng mga tauhan ay may epekto sa pagsasanay, pag-recruit, at pagpapanatili pati na rin sa antas ng pangangalaga na naibibigay sa mga bata; ang mga konsultasyon sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga tauhan at mga iba pang uri ng suporta sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga tauhan ay pinahihintulutan din |

Kailangan ko bang itabi ang mga resibo?

Ang paggamit ng mga pondo ng grant ay napapailalim sa pag-audit. Siguraduhing magtabi ng tumpak at kumpletong mga tala ng accounting. Kung ang mga pondo ng grant ay hindi ginastos sa mga Pinahihintulutang Gastos, o kaya ay ginastos sa maling paraan, maaaring kailangan mong isaui ang mga naturang pondo.

May mga tanong?

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa aplikasyon o sa proseso bago ang pagbubukas ng panahon ng aplikasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa mga tauhan ng MSDE sa pamamagitan ng:

EMAIL: childcaregrants.msde@maryland.gov

FORM: Tingnan ang aming [form sa pagtatanong](#)

Isang espesyalista ng serbisyo sa kostumer ang sasagot sa lahat ng pagtatanong sa loob ng 24 na oras o sa susunod na araw ng trabaho. Pakitandaan: sarado ang MSDE sa Disyembre 31, 2021 at Enero 17, 2022.

Sa sandaling magbukas ang panahon ng aplikasyon para sa grant, magbibigay ang MSDE ng nakalaang numero ng telepono para sakaragdagang suporta sa kostumer, kabilang ang nakalaang kinatawang pampinansiyal.

Paano kung kailangan ko ng tulong sa aplikasyon?

Magdaraos ang MSDE ng virtual na mga sesyon ng suporta ng serbisyo sa kostumer sa kabuuan ng panahon ng aplikasyon para sa mga provider na may mga tanong tungkol sa aplikasyon at sa proseso. Ang impormasyon kung paano magrehistro at sumali sa isang sesyon ay ibibigay sa ibang petsa. Tingnan ang [website ng Opisina ng Pangangalaga ng Bata \(Office of Child Care\)](#) para sa mga update. Magdaraos ang MSDE ng tatlong uri ng mga sesyon ng suporta at ipo-post rin ang mga recording ng bawat uri ng sesyon sa website nito:

KINAKAILANGANG DOKUMENTASYON

Webinar: Magbibigay ang MSDE ng pangkabuuang ideya tungkol sa programa ng grant at ipaliliwanag sa mga dadalo kung saan makikita at paano kukumpletuhin ang iba't ibang dokumentong kinakailangan upang tapusin at isumite ang form ng aplikasyon para sa grant. Sasagutin ng MSDE ang mga tanong sa natitirang magagamit na panahon.

FORM NG APLIKASYON

Webinar: Ipaliliwanag ng MSDE sa mga dadalo ang bawat tanong sa form ng aplikasyon para sa grant. Sasagutin ng MSDE ang mga tanong sa natitirang magagamit na panahon.

MGA TANONG AT SAGOT

Virtual na Bukas na Sesyon: Ang mga sesyon na ito ay panahon para sa mga tanong at sagot upang makapagbigay ang MSDE ng kasing dami ng maaari na naaangkop na suporta sa mga provider ng pangangalaga ng bata.

Nasa ibaba ang isang kalendaryo ng mga sesyon ng suporta ng serbisyo sa kostumer. Ang impormasyon kung paano magrehistro at sumali sa isang sesyon ay ibibigay sa ibang petsa. Tingnan ang [website](#) para sa mga update.

| Petsa | Oras | Paksa |
|------------------|---------|------------------------------|
| Martes Enero 4 | 1-2pm | Kinakailangang Dokumentasyon |
| Huwebes Enero 6 | 6-7pm | Form ng Aplikasyon |
| Sabado Enero 8 | 10-11am | Mga Tanong at Sagot |
| Martes Enero 11 | 1-2pm | Kinakailangang Dokumentasyon |
| Huwebes Enero 13 | 6-7pm | Form ng Aplikasyon |
| Sabado Enero 15 | 10-11am | Mga Tanong at Sagot |

Mga FAQ tungkol sa Grant

I-a-update ng MSDE ang website nito ng mga madalas na itinatanong (mga FAQ) batay sa feedback ng provider sa buong panahon ng aplikasyon para sa grant. Mangyaring patuloy na tingnan ang [website](#) para sa mga update ng FAQ, ayon sa kinakailangan.

Appendix:

TEMPLATE NG APLIKASYON

PARA SA GRANT FORM NG

DIRECT DEPOSIT

W-9 FORM
